
# GABAY SA PAG-SWAB SA SARILI

## HUWAG MAGPATULOY KUNG:



Nakaranas ka ng pagdurugo ng ilong sa loob ng nakalipas na **24 na oras**




Sumailalim ka sa operasyon sa ilong sa nakalipas na **4 na linggo**



Nagtamo ka ng pinsala sa mukha sa nakalipas na **8 linggo**

## PAMAMARAAN NG PAG-SWAB

1. Pakilinis ang iyong mga kamay bago simulan ang pagsusuri.




2. Bago simulan ang pagsusuri, maglabas ng isang swab stick, isang reagent tube, at isang cartridge. Luwagan ang takip ng reagent tube at ilabas ang cartridge sa pakete nito.




3. Alisin ang swab stick sa pakete.




4. Ipasok ang swab stick sa butas ng ilong (~2.5cm). Iikot ang stick nang 5 beses at iwan ito sa loob ng 5 segundo.





5. Ulitin ito para sa isa pang butas ng ilong gamit ang parehong swab.




6. Ipasok ang swab stick sa reagent tube. Ilublob pataas at pababa ang swab sa loob ng 15 segundo.



7. Pisilin ang reagent tube habang tinatanggal ang swab.




8. Isara nang mahigpit ang takip ng reagent tube. May maririnig ka dapat na "klik" na tunog.



9. Gamitin ang iyong daliri upang dahan-dahang tapikin ang gilid ng tube nang ilang beses. Makakatulong itong haluin ang solution.



10. Maglagay ng 3 patak sa sample well ng test cartridge.




11. Maghintay nang 15 minuto bago tingnan ang mga resulta sa test cartridge. Ilagay ang cartridge sa patag na lugar habang ginagawa ito.





12. Basahin ang mga resulta sa test cartridge. **Kung may makikita kang linya na lumalabas sa "C" at "T" na posisyon, nagsasaad ito ng positibong pagsusuri. Humingi ng medikal na pangangalaga para sa karagdagang pagsusuri at pangkumpirmang pagsusuri.**

    **Kung may makikita kang linya na lumalabas lang sa "C" na posisyon**, nagsasaad ito ng negatibong pagsusuri.

    **Kung may makikita kang linya na lumalabas lang sa "T" na posisyon**, invalid ang pagsusuri. Pakiulit ang pagsusuri sa isa pang test kit.




13. Itapon ang lahat ng nagamit na swab stick, reagent tube, at test cartridge sa biohazard bag.



14. Linisin ang iyong mga kamay pagkatapos ng pagsusuri.

